



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Pandaigdigang Pagkakaunawaan



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Sa kasalukuyan, ang pagkakaunawaan ay bagay na lubos na kinakailangan sa buong mundo, lalung-lalo na sa larangan ng karapatang-pantao, kultura, relihiyon at pamayanang-katutubo. Kapag ang pagkakaunawaan sa lipunan ay lumalaganap, ang katiwasayan ay nararamdaman saan mang dako ito ng mundo. Ang pagkakaunawaan ay mahalagang sangkap upang makamtan ang kapayapaan sa lahat ng larangan tulad ng: kultura, relihiyon at lipunan, at ang organisadong pagpapalaganap nito ay kinakailangan din upang ito ay maramdaman sa buong mundo. Maraming internasyonal na mga pagpupulong ang naghikayat sa pagpapalaganap ng pagkakaunawaan sa loob ng mga komunidad. Partikular dito ang prinsipyong pinagtibay ng UNESCO noong 1995 na nagsasabi: “Ang pagkakaunawaan ay paggalang, pagtanggap at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga kultura, pananaw, pagpapahayag at tradisyon ng sangkatauhan...”

Samakatuwid, ang pag-unawa sa kapwa ay pandaigdigang-asal na katanggap-tanggap saan man sa mundo. Subalit upang ito’y makamtan, kinakailangan ang tapat na hangarin bago pa man ito isabuhay sa pamamagitan ng gawa. Sapagkat di-maiiwasang ito ay mabigyan ng ibang kahulugan sa pananaw ng iba. Sinabi ng Allah: “Kung ninais lamang ng Allah, Kanya na sanang pinagkaisa ang buong sangkatauhan, ngunit sila ay patuloy sa pagbabangayan; maliban sa silang kinahabagan Niya; at para diyan nilikha Niya sila...” (Koran 11:118)

Sa katotohanan, ang pagkakaiba-iba ng mga nilikha ng Allah, ang siyang nagpayaman at nagpaunlad sa yaman-tao. Gayunpaman, ang daan tungo sa pagkakaintindihan ay nangangailangan ng katalinuhan at pagkakaisa na malayo sa anumang uri ng karahasan at diskriminasyon. Katunayan, ang iba’t-ibang mga kultura sa mundo ay siyang bumubuo sa sibilisasyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan at mapaunlad ang lipunan anuman ang kanilang pagkakaiba-iba. Sinabi ng Allah: “At kabilang sa Kanyang mga tanda; ay ang paglikha sa kalangitan at kalupaan, at ang pagkakaiba-iba ng inyong mga wika at lahi. Katotohanang diyan ay mayroong aral para sa silang mga nakakaintindi...” (Koran 30:22). Ang pag-intindi sa pagkakaiba-ibang ito ay dapat idaan sa mabuting pananaw at ugnayan sa pagitan mga tao. Nang



sa gayon ay maisabuhay ang tunay na diwa ng marangal at sama-samang pamumuhay, sa ilalim ng pagkakaisa na nagsisimula sa indibidwal, pamilya at lipunan. Lalung-lalo na sa kasalukuyang pandaigdigang sitwasyon, na kung saan ang pagpapahalaga sa pagkakaunawaan ay lubos na kinakailangan, upang maisulong ang kaunlaran tungo sa mabuti, maginhawa at masayang pamumuhay na siyang hangad ng lahat.